



### **Pinasisimulan ng Lungsod ng Brampton ang karagdagang mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan bilang tugon sa COVID-19**

#### ***Pumapasok ang Lungsod sa Stage 2 ng pagbangon kasunod ng direktiba ng Lalawigan***

BRAMPTON, ON (Oktubre 9, 2020) – Kasunod ng anunsyo sa araw na ito ng Lalawigan at kaayon sa mga rekomendasyon mula sa Peel Public Health, ang Lungsod ng Brampton ay pumapasok sa modified Stage 2 para makatulong na mabagalan ang pagkalat ng COVID-19.

Simula sa Sabado, Oktubre 10, 2020 sa 12:01 am, ang sumusunod na mga pamamaraang pangkaligtasan at pangkalusugan ay gagawin sa loob ng pinaka-mababa 28 araw at nirebyu ang nagpapatuloy na paraan:

#### **Mga restawran, bar at establisyemento ng pagkain**

Simula sa Sabado, Oktubre 10, 2020 sa 12:01 am, ang mga restawran, mga bar at mga establisyemento ng pagkain, kabilang ang mga food court, ay ihihinto ang serbisyo sa pagkain sa loob para makatulong sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Pinapayagan pa rin ang takeout at ang pagkain sa labas.

Habang ang maraming restawran at mga establisyemento ay gumawa na ng hakbang na iniisip ang mga tao para kusang baguhin kung paano nila ginagawa ang negosyo para protektahan ang mga residente ng Peel, ang alinmang negosyo sa Peel na hindi sumusunod sa mga rekomendasyon ng alinman sa Lalawigan at Peel Public Health ay mapapailalim sa mga kautusan sa ilalim ng Health Protection and Promotion Act.

Hinihikayat ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na suportahan ang mga serbisyo sa pagkain ng mga lokal na establisyemento sa pamamagitan ng paggamit sa mga opsyon ng available na takeout..

#### **Karagdagang mga Pagsasara**

Simula Sabado, Oktubre 10, 2020 sa 12:01 am, ang sumusunod na mga pagsasara ay sisimulan:

- Indoor na mga gym at mga fitness centre (ibig sabihon, mga klase sa ehersisyo at mga silid ng weight at ehersisyo), kabilang ang mga fitness amenity sa loob ng mga pasilidad na Panlibangan ng Lungsod
- Mga performing arts centre at venue, kabilang ang mga pasilidad ng Lungsod
- Mga casino, bingo hall at iba pang mga establisyemento ng gaming
- Panloob na mga sinehan
- Mga bahagi ng tagapanood sa mga venue ng paligsahan
- Interactive na mga exhibit o mga exhibit na may mataas na personal na kontak sa mga museyo, gallery, zoo, mga pang-agham na sentro, mga landmark, atbp.

#### **Binawasang mga Limitasyon sa Kapasidad**

Simula Sabado, Oktubre 10, 2020 sa 12:01 am, sisimulan ang sumusunod na mga limitasyon sa kapasidad:

- Mga serbisyo sa tour at guide na limitado sa 10 tao indoor at 25 tao outdoor



- Ang mga open house ng real estate ay limitado sa 10 tao indoor
- Personal na pagtuturo at instruksyon limitado sa 10 tao indoor at 25 tao outdoor, na may eksepsyon para sa mga paaralan, mga child care center, mga unibersidad, mga kolehiyo ng applied arts at teknolohiya, at mga karera sa pribadong kolehiyo
- Mga espasyo ng pagpupulong at event na limitado sa 10 tao indoor at 25 tao outdoor
- Ang mga team sport ay lilimitahan sa mga sesyon ng pagsasanay lamang (walang mga laro o scrimmages)
- Ang mga resepsyon ng kasal na nakatakda para sa weekend ay maaaring magpatuloy sa ilalim ng umiiral na mga tuntunin ng public health. Simula Martes, Oktubre 13, 2020 sa 12:01 am, ilalapat sa mga resepsyon ng kasal ang updated na pamamaraan ng public health, kabilang ang bagong mga limitasyon sa pagtitipon ng 10 tao indoor at 25 tao sa labas ng mga espasyo ng event.

### **Mga Limitasyon sa Pagtitipon ng mga Tao at Paglayo Mula sa Iba**

Ang lahat ng pagtitipon ng mga tao at inorganisang mga pampublikong event sa Brampton at sa buong Rehiyon ng Peel ay nananatiling 10 tao sa loob at 25 tao sa labas kung saan mapapanatili ang paglayo mula sa iba.

Para mabawasan ang panganib ng COVID-19, inirerekumenda ng Peel Public Health na bawasan ang kontak sa iba at panatilihin maliit ang mga pagtipon-tipon, at paliitin ang mga ka-pangkat na mga tao sa direktang mga sambahayan o mahalagang mga tagapag-alaga. Nitong weekend ng Thanksgiving, inirerekumenda ng Peel Public Health na limitahan ang mga pagdiriwang sa inyong direktang sambahayan.

Para sa mga indibidwal na naninirahan nang mag-isa o pinipiling magkaroon ng kontak sa mga taong hindi kasama sa kanilang direktang sambahayan, hinihikayat ng Peel Public Health ang paglimita sa mga bilang ng pagtitipon, bawasan ang oras na magkasama, isagawa ang paglayo mula sa iba, magsuot ng mask at maghuhugas ng mga kamay. Kung masama ang pakiramdam, magtipon-tipon sa internet sa halip nang personal, magpasuri at ibukod ang sarili sa bahay.

Sa ilalim ng Ordinansa ng Brampton sa mga Pamamaraan sa Emergency sa COVID-19, ang mga indibidwal na hindi sumunod sa regulasyon ng paglayo mula sa iba ay maaaring mumultahan ng pinakamababa \$500 at pinakamalaki \$100,000 para sa bawat pagkakasala.

Ang mga regulasyon ng munisipyo sa ilalim ng ordinansa ay nagsasaad ng:

- Ang bawat tao ay magpapanatili ng pinakamababa 2.0 metro ang layo mula sa ibang tao kapag nasa pampublikong propyedad, maliban sa mga tao na magkasamang naninirahan sa iisang premise
- Walang negosyo ang magpapahintulot sa sinumang tao na uupo o kaya ay tatayo sa loob at labas ng negosyo sa layo na hindi bababa ng 2.0 metro mula sa ibang tao, maliban sa mga taong magkasamang naninirahan sa iisang premise o mga empleyado ng negosyo.

Ang mga residente at negosyo ay pwedeng tumawag sa 311 para isumbong ang hindi pagsunod.

### **Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha**

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pagtatakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga takip ng mukha ay iniutos sa lahat ng indoor na mga pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga



pampublikong establisyemento at mga negosyo ay inuutusan na tiyakin na isinusuot ang mga mask at pantakip ng mukha sa panloob na mga pampublikong espasyo na nasa ilalim ng kontrol nila.

Hindi sinasali ng ordinansa ang ilang mga inidibidwal, kabilang ang mga hindi pwedeng magsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na dahilan; mga batang wala pang dalawang taong gulang; o mga inidibidwal na kasali sa atletik na gawain ayon sa Emergency Orders. Para sa impormasyon, bisitahin ang: [www.brampton.ca/masks](http://www.brampton.ca/masks)

Ang mga residente at mga negosyo ay maaaring tumawag sa 311 para iulat ang hindi pagtupad.

### **Impormasyon sa lokasyon ng COVID-19 test at testing**

Ang mga inidibidwal ay pwedeng humingi ng pagsusuri sa mga lokasyon sa buong Peel, kabilang ang mga parmasya at mga assessment centre. Hanggang Martes, Oktubre 6, ang mga appointment ay hinihingi para magpa-test sa lahat ng assessment centre at piling mga parmasya. Makipag-ugnayan sa assessment centre o parmasya para i-book ang iyong test.

Para sa talaan ng mga lokasyon ng COVID-19 testing sa Peel at Brampton, bisitahin ang [website](#) ng lalawigan.

### ***William Osler Health System (Osler) Testing sa Brampton***

#### COVID-19 Testing Centre ng Osler sa South Fletcher's Sportsplex

Nag-aalok ang Osler ngayon ng pagbo-book sa online at sa telepono kaninuman na karapat-dapat na makatanggap ng COVID-19 test. Ang COVID-19 Testing Centre ng Osler sa Brampton sa South Fletcher's Sportsplex ay bukas mula 8 am hanggang 6 pm araw-araw, at ang mga appointment ay ibinu-book batay sa pagiging available.

Para magpa-book ng pagsusuri sa COVID-19 Testing Centre ng Osler, piliin ang isa sa mga opsyon sa ibaba.

- Online: bumisita sa [www.williamoslerhs.ca/coronavirus](http://www.williamoslerhs.ca/coronavirus)
- Telepono: tawagan ang 905.487.1249  
8:00 am at 6:00 pm, 7 araw kada linggo.

Pakitandaan: Hininto ng Osler ang pagpapa-book ng perrsonal na appointment.

#### Ang COVID-19, Cold and Flu Clinic ng Osler sa Peel Memorial Centre para sa Integrated Health and Wellness

COVID-19, Cold and Flu Clinic ng Osler ay patuloy na makikipagkita sa mga pasyente na nakakatugon sa criteria ng COVID-19 testing, pati na rin sa mga may sintoma at gustong magpatingin sa isang doctor, sa walk-in na paraan

Para sa karagdagang impormasyon sa Testing Centre ng Brampton sa South Fletcher's Sportsplex at COVID-19, Cold and Flu Clinic sa Peel Memorial Centre, bisitahin ang [www.williamoslerhs.ca/coronavirus](http://www.williamoslerhs.ca/coronavirus).



-30-

### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)